



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

BIYAYA AT KAHALAGAHAN NG SURAH FATIHA

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Patnubayan nawa tayo ng Allah na di mawala sa tamang landa. Pasasalamat at papuri sa kaniya. Ang Suratul Fatiha ay nagsisimula sa pagpapasalamat at pagpuri sa Allah. Tinawag din itong “Assab’ul Mathani” (Another name for Sura al-Fatiha meaning the praised seven verses). 7 linya ng pagpasalamat at papuri. Ito ang unang Surah sa Qur’an at nagbibigay gabay sa lahat kasama ang malaking biyayang dala nito.

Ang Allah (JJ) ang Diyos ng Lahat. Siya ang nagmamay-ari ng Lahat. Di natin kayang alamin ito dahil tanging siya lamang ang higit na nakakaalam kahit mayroon pa tayong siyensiya at matematika. Ito ay nagsasabing tayo ay gabay, ipakita ang tamang landas at magbigay ng panghabang buhay na biyaya. Ang mga nabigyan ng malaking biyaya at patnubay ay nabiyayaan ng lubos ng Allah. Walang saysay ang material na bagay kung di gagamitin para sa mabutin.

Tumungo tayo sa tamang landas. Paminsan, nakapagtapos lang tayo sa isang unibersidad ay nagmamayabang na tayo. Wa natin gawin yun at dapat sundan natin ang halimbawa ng Propeta Muhammad alayhis salatu was Salam.

Ang Surah Fatiha ay humihingi sa Allah na tayo ay gabayan at wag gawing masamang tao. Ito ang nais ng Surah at ito’y sapat na.

1. Baraka
2. Nima

Ang mga tao ay na-alarma. Wag kang ma-alarma. Pinakita ng Allah ang tamang daan. Wala ng epekto kahit na ang buong mundo ay di sagabal sa daanan. Di sila nabigyan ng biyaya. Naging katulad sila ng Shaytan. Sumusuway sila sa Allah at gumagawa kamaasan sa ibang tao. Ang kanilang magagawa ay dito lang sa mundo. Kung ano ang sasabihin ng Allah ang mangyayari. Binigyan ng Allah ng tamang oras ang lahat. Ngayon na ang mga huling araw. Naghandaan na ang mga alagad ng Demonyo. Nawala na ang kanilang pagkatao at naging katulad ng demonyo.

Kailangan maging ganito para magbago at ipadala ang Imam Mahdi alayhis salam na pinangako ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang mundong ito ay mapupuno ng kasamaan hanggang sa lalabas na ang Imam Mahdi alayhis salam. Ang kanyang pangalan ay katulad ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang pangalan ng kanyang ama at ina ay katulad ng mga magulang ng propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Tayo’y naghihintay sa kanya. In Sha Allah malapit na siyang dumating dahil ang buong mundo ay galit na sa Islam.



Sofibats by Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Ang mga silang nagsasabing Muslim sila ngunit nagpapahirap ng ibang Muslim ay hindi Muslim. Kung sila ay kasama ng mga di nananampalataya, sila ay makakasama nila sa araw ng paghukom. Ang isang Muslim ay di nananakit at nagpapahirap sa iba. Sumusunod ang isang Muslim sa ehemplo ng Propeta Muhammad Alayhis Salatu was Salam. Ang mga munafiq at fasiq na nagpapanggap bilang Muslim ay wala sa tamang landas.

Ang buong Mundo ay galit na sa Muslim dahil sa huling araw at malapit na ang oras. Ang mga sinabi ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay mangyayari na isa-isa. Sa oras na dumating na ang Imam Mahdi alayhis salam, ang buong Mundo ay mapupuno na ng hustisya at ganda. Wala ng kasamaan.

Darating siya kasama ang mga karamat o Himala. May mga taong nagpapanggap bilang Mahdi pero di sila ang tunay na Mahdi ayon sa sinabi ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Di kailangan ng Imam Mahdi alayhis salam na paniwalain na siya ang Mahdi, isang Takbir niya lang at lahat ng may Iman ay makakaalam na dumating na siya.

3. Kafir 4. Munafiq 5. An open sinner 6. Karamat 7. Allahu Akbar

Ang mga taong nagpapangganp na sila ang Imam Mahdi, kahit isang libong taon pa ay kulang para kanilang paniwalain ang mga tao na sila ang Imam. Sa pagdating ng Imam Mahdi alayhis salam, ang lahat ay magiging muslim at ito ang pangako ng Allah(awj).

Pagkatapos nun ay araw na ng paghukom. May mga mangyayari pa pagkatapos nun pero ang importante ay ang pagdating ng Imam Mahdi alayhis salam para itigil lahat ng kasamaan. Paratingin nawa ng Allah ang Imam Mahdi alayhis salam sa lalong madaling panahon upang tayo ay iligtas.

Mula ngayon, napakarami ng paghihirap at kkasamaan. Ang mga masasaman loob ay nagtutulong upang mang-api sa mga mahihina at mahihirap. Mas minamaliit pa ang mga naghihirap at di sila pinapakinggang. Dahil sa rasong ito ay ipapadala ang Imam Mahdi alayhis salam . Patnubayan nawa tayo ng Allah na di malayo sa tamang landas. Tayo'y dapat magpasalamat tungkol dito.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
15 January 2016/5 Rabiul Akhir 1437
Post-Hadra, Akbaba Dargah